# Tumulong sa Isa



## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na nais mong pinag-uusapan? Bakit?
- Nagugustuhan mo ba na lagi kang may mga bagong nakikilala? Bakit mo ito nagugustuhan o hindi nagugustuhan?
- Paano mo ilalarawan ang paraan mo ng pamumuno?

## WORD

*Kaya simula sa bahaging iyon ng Kasulatan, ipinaliwanag sa kanya ni Felipe ang Magandang Balita tungkol kay Jesus.* **MGA GAWA 8:35**

(Basahin din ang **MGA GAWA 8:26–40.**)

Nang tawagin ni Jesus ang mga disipulo upang sumunod sa Kanya, binigyan Niya din sila ng bagong misyon—ang mangisda ng mga tao (Mateo 4:19). Ang misyon na ito ay tila mahirap kahit para sa mga tagasunod ni Jesus ngayon. Subalit ang pangingisda ng mga tao ay maaaring maging kasing dali ng pagpapahayag ng ebanghelyo sa iba, sa pamamagitan ng pa-isa-isang pakikipag-ugnayan. Ang isa sa mga pamamaraan na maaari nating gamitin upang mabisang maipahayag ang ebanghelyo ay ang paggamit ng akrostik na SALT–Simulan ang pakikipag-usap, Alamin ang tamang pagtatanong, Laging makinig, at Tapat na ihayag ang Kuwento. (Ang akrostik na SALT na isinalin sa Filipino ay nagmula kay Dr. Rice Broocks.) Ngayon, titignan natin ang pagkikita nina Felipe at ng opisyal na taga-Etiopia upang pag-aralan kung paano natin magagamit ang SALT.

## 1 Simulan ang pakikipag-usap.

*[26]May isang anghel ng Panginoon na nagsabi kay Felipe, “Pumunta ka agad sa timog, at sundan mo ang daan na mula sa Jerusalem papuntang Gaza.” (Ang daang iyon ay bihira na lang daanan.) [27]Kaya umalis si Felipe, at doon ay nakita niya ang taong taga-Etiopia. Pauwi na ito galing sa Jerusalem kung saan siya sumamba sa Diyos. Mataas ang kanyang tungkulin dahil siya ang pinagkakatiwalaan ng kayamanan ng Candace. (Ang Candace ay reyna ng Etiopia.) . . . [29]Sinabi ng Banal na Espiritu kay Felipe, “Puntahan mo at makisabay ka sa kanyang karwahe.”*
**MGA GAWA 8:26,27,29**

Sa utos ng anghel ng Panginoon, si Felipe ay nagpunta sa disyerto. Bagama’t nakapagtataka ang pumunta sa ganitong lugar, sumunod si Felipe. Nakilala niya dito ang opisyal, isang taong mataas ang katungkulan. Nang sabihan siya ng Espiritu na makisabay sa karwahe ng opisyal, siya ay muling sumunod (Mga Gawa 8:27–29). Tulad nito, maipapangaral natin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsunod sa Banal na Espiritu at pakikipag-usap sa mga hindi pa nananampalataya kay Jesus. Ang pakikipag-usap ni Felipe ay nagsimula nang siya ay nakisakay sa karwahe ng opisyal. Kailan ang huling pagkakataon na nakipag-usap ka sa isang tao nang may layuning ipangaral ang ebanghelyo? Ano ang nangyari?

## 2 Alamin ang tamang pagtatanong.

*Kaya tumakbo si Felipe at inabutan niya ang karwahe. Narinig niyang nagbabasa ang opisyal ng aklat ni Propeta Isaias. Tinanong siya ni Felipe kung nauunawaan niya ang kanyang binabasa.* **MGA GAWA 8:30**

Nang simulan niyang kausapin ang opisyal, hindi siya nagbigay ng sunod-sunod na mga tanong o agad-agad na nagbanggit ng ebanghelyo. Sa halip, tinanong ni Felipe kung ano ang binabasa niya. Upang maibahagi natin ang ebanghelyo sa isang tao, kailangan natin siyang tanungin upang malaman kung ano ang kanyang kinalalagyan o pinagdaraanan sa buhay. Ang tanong ay maaaring simple lamang at hindi nangangailangan ng kaalaman

tungkol sa Bibliya. Ano ang mga uri ng tanong na maaari mong itanong sa isang hindi pa nananampalataya?

## 3 Laging makinig.

*Sumagot ang opisyal, "Hindi nga eh! Paano ko mauunawaan kung wala namang magpapaliwanag sa akin?" Inanyayahan niya si Felipe na sumakay sa kanyang karwahe at tumabi sa kanya.*
**MGA GAWA 8:31**

Hindi tayo basta lamang nagtatanong. Tayo rin ay nakikinig sa kanilang sagot at inuunawa natin sila. Sa kaso ni Felipe, alam niya na kailangan ng opisyal ng tulong upang maintindihan ang nakasulat sa Isaias. Sa pangangaral natin ng ebanghelyo, dapat tayong makinig at tumugon nang may habag o awa. Paano mo natutunang maging mabuting tagapakinig?

## 4 Tapat na ihayag ang Kuwento.

*[34]Sinabi ng opisyal kay Felipe, "Sabihin mo sa akin kung sino ang tinutukoy ng propeta, ang sarili ba niya o ibang tao?" [35]Kaya simula sa bahaging iyon ng Kasulatan, ipinaliwanag sa kanya ni Felipe ang Magandang Balita tungkol kay Jesus.* **MGA GAWA 8:34,35**

Ang paghahayag ng ebanghelyo ay nangangahulugan na ikukuwento natin ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus. Ipinaliwanag ni Felipe na ang propesiya sa Isaias ay *tungkol kay Jesus*. Dahil sa paghahayag na ito ng ebanghelyo, ang opisyal ay naniwala kay Jesus at naghayag sa publiko ng kanyang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng bautismo sa tubig (Mga Gawa 8:36–38). Dahil sa pagsunod ni Felipe, nakilala ng opisyal si Jesus at nagkaroon siya ng labis na kasiyahan (Mga Gawa 8:39). Paano mo ibinabahagi ang ebanghelyo sa ibang tao?

## APPLICATION

- Anong mga hadlang ang kailangan mong mapagtagumpayan upang maibahagi ang ebanghelyo sa mga nasa paligid mo? Anong mga katotohanang ayon sa Bibliya ang maaari mong panghawakan upang magawa mong maibahagi ang ebanghelyo nang may pananampalataya? Handa ka bang sumunod tulad ni Felipe?
- Sino ang maaaring magturo sa iyo na maging mabuting tagapakinig? Mangakong makikipagkita sa taong ito ngayong linggo upang matuto.
- Kanino mo maaaring ipangaral ang ebanghelyo? Magsulat ng tatlong pangalan at maglaan ng oras para kausapin ang kahit isa lamang sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa taong nagbahagi ng ebanghelyo sa iyo. Ipanalangin na pagpalain ng Diyos ang taong ito upang magawa pa niyang maibahagi ang ebanghelyo sa mas marami pang tulad mo.
- Hingin sa Diyos na magawa mong makita ang ibang tao kung paano Niya sila nakikita. Ipanalangin na magkaroon ka ng habag o awa sa mga taong naliligaw ng landas.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang makipag-ugnayan sa mga tao at magawa mong Simulan ang pakikipag-usap, Alamin ang tamang pagtatanong, Laging makinig at Tapat na maghayag ng Kuwento sa iba. Ipanalangin na palambutin ng Diyos ang puso ng mga taong babahaginan mo ng ebanghelyo upang magawa nilang tumugon at sumunod sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph